

KARAPATANG TUMANGGAP NG SERBISYO NG MEDI-CAL PARA SA KALUSUGAN NG ISIP!!!

(Medi-Cal Mental Health Entitlement)

Alam ba ninyo na may ibinibigay na karapatan sa mga serbisyo para sa kalusugan ng isip sa California? Ito'y totoo. Totoo na ito mula nang simulan ang programang Medi-Cal noong 1966. Ang mga bata, may sapat na gulang at nakatatandang may sapat na gulang na kuwalipikado sa Medi-Cal ay may karapatan sa mga kailangang serbisyo. Ito ay ipinag-uutos ng Federal na batas at ng batas ng Estado.

Ang mga serbisyo ng Medi-Cal para sa kalusugan ng isip ay pinalawak nang malaki sa pamamagitan ng pagpapatibay ng nakaukol na pamamahala ng kaso noong 1991 at mga serbisyong pagpapanibagong-tatag para sa kalusugan ng isip noong 1993. Ang mga serbisyong ito ay puwedeng ipagkaloob sa iba-ibang kapaligiran ng komunidad at sa bahay kung kailangan. Ang bawat county ay dapat magkaloob ng lahat na sakop na serbisyo kabilang ang mga sumusunod:

- Nakaukol na Pamamahala ng Kaso (tulong upang magkaroon ng tirahan, suporta, trabaho)
- Mga Serbisyo Para sa Kalusugan ng Isip (pagpapayo, pagsusuri, pagbuo ng planong serbisyo)
- Pagbabagong-tatag (tulong na ibinabagay na naghahangad ng paggaling)
- Mga Serbisyong Pamamagitan sa Krisis, Pagtatatag, at Pantahanan (kabilang ang sa bahay)
- Mga Pansamantalang Programang Pantahanan (hanggang 18 buwan)
- Mga Serbisyong Suporta sa Paggamot (kabilang ang may-kaalamang pahintulot at pagbuo ng plano)

- † **Kung ikaw ay isang mamimili, may karapatan ka sa mga serbisyong batay sa iyong mga hangarin. Lahat ng serbisyo ay dapat ipagkaloob alinsunod sa isang planong serbisyo na dapat mong pirmahan, at dapat kang tumanggap ng kopya.**
- † **Kung ikaw ay isang miyembro ng pamilya, ikaw ay hinihimok na lumahok kasama ng iyong mahal na bahay.**
- † **Kung ikaw ay isang tagapagkaloob ng pangangalaga, puwede kang sumuporta sa isang benepisyaryo para tumanggap ng mga nais na serbisyo.**
- † **Kung ikaw ay isang tagapagtaguyod, puwede mong tulungan ang isang kliyente sa pag-apela sa hindi pagbibigay ng serbisyo.**

**Tawagan ang Disability Rights California
sa 800-776-5746
para sa karagdagang impormasyon.**



Ang federal na batas ay nag-aatas na ang lahat ng serbisyo ay ipagkaloob nang may makatwirang bilis. Ang mga listahan ng naghihintay dahil sa mga limitasyon sa pondo ng programa ay labag sa batas.